



---

## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** ika-24 Mayo, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

### **Matatapos na ang panahon ng may pahintulot na pagsunog para sa mga labi mula sa sunog na sanhi ng baha, at magsisimula na ang panahon ng dobleng pinagtabasan mula sa pananim**

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na matatapos na sa Huwebes, ika-31 ng Mayo, 2018 ang panahon ng pinahihintulatang pagsunog para sa pagsunog ng mga labi na sanhi ng baha sa loob ng Bay Area. Ang panahon ng pinahihintulatang pagsunog para sa mga pagsunog ng dobleng pinagtabasan mula sa pananim ay magsisimula sa ika-1 ng Hunyo, 2018 ng Biyernes.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi nagdedeklara ng mga araw ng SUNOG kapag umiiral ang *Alerto na Iligtas ang Hangin*.

Ang panahon ng pinahihintulatang pagsunog para sa dobleng pinagtabasan mula sa pananim ay naaangkop sa mga pang-agrikulturang pagsunog na itinatakda upang alisin ang pinagtabasan ng butil mula sa lupa kung saan ang parehong butil at gulay na mga pananim ay inaani sa panahon ng parehong taon sa kalendaryo. Ang panahon ay tatakbo mula ika-1 ng Hunyo, 2018 hanggang ika-31 ng Agosto, 2018.

Ang mga pagsunog ng dobleng pinagtabasan ay dapat pinahihintulutan ng lokal na pampublikong opisyal para sa pagsunog na may hurisdiksiyon at dapat ituring na kinakailangan upang alisin ang pinagtabasan ng butil at dayami bago magtanim ng gulay na pananim sa bukid. Hindi dapat magsunog bago ang 10 a.m., at ang lahat ng materyal na dapat sunugin ay wala dapat makikitang kahalumigmigan sa ibabaw. Ang mga inaasahang magsusunog ay dapat magtanong sa kanilang mga lokal na ahensiya ng sunog o CAL FIRE para sa pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulatang pagsunog ay maaari lang itakda sa mga itinatag na panahon ng pagsusunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Distrito ng Hangin sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](http://www.baaqmd.gov) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #